**ABISO SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG**
**PINAG-ISANG PLANO PARA SA TAON NG PROGRAMA NA 2025-29**
**ESTRATEHIYA NG TAUNANG PLANO PARA SA TAON NG PANANALAPI NA 2025-26**
**TULONG NA SUPORTA PARA SA PAGBIBIGAY NG MAAYOS NA BAHAY AT PAGPAPAGANDA NG KOMUNIDAD (COMMUNITY DEVELOPMENT BLOCK GRANT), MGA PARTNERSHIP PARA MAG-INVEST SA TAHANAN, AT MGA PROGRAMA SA PAGBIBIGAY NG GAWAD NA SALAPI PARA SA PANG-EMERGENCY NA SOLUSYON**

Sa pamamagitan nito, ibinibigay ang Abiso para sabihin na magsasagawa ang Board of Supervisors ng pampublikong pagdinig nang 9:00 a.m. sa Oktubre 22, 2024, sa Room 310 sa County Administration Center, 1600 Pacific Highway, San Diego, CA tungkol sa Estratehiya ng Pinag-isang Plano para sa Taon ng Programa na 2025-29.

Bilang tatanggap ng pondo mula sa entitlement grant ng Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod ng Estados Unidos (U.S. Department of Housing and Urban Development, HUD) sa ilalim ng Block Grant sa Pagpapaunlad ng Komunidad (Community Development Block Grant, CDBG), ang Mga HOME Investment Partnership (HOME) at mga programa ng Tulong na Salapi para sa Mga Pang-emergency na Solusyon (Emergency Solutions Grant, ESG), ang County ng San Diego (County) ay bumuo ng limang taon na Pinag-isang Plano. Ang pangunahing layunin ng Pinag-isang Plano ay para:

1. Tukuyin ang mga pangangailangan para sa pabahay at pagpapaunlad ng komunidad na kailangang bigyan ng prayoridad sa hurisdiksyon ng County sa pamamagitan ng pagsusuri ng merkado, input mula sa komunidad at pagkonsulta sa stakeholder, at;
2. Magtatag ng limang taong layunin sa pamamagitan ng estratehiya na tumutugon sa mga pangangailangan na kailangang bigyan ng prayoridad at posibleng mga pagkukunan ng pondo para sa pederal, estado, lokal o pribado na maaaring gamitin sa pagpopondo mula sa gobyerno ng HUD.

Pinopondohan ng Mga Programa ng CDBG at ESG para sa “Lungsod na County” ng San Diego ang pabahay, pagpapaunlad ng komunidad at mga serbisyo at aktibidad para sa publiko sa unincorporated area, pati rin ang anim na kalahok na mga lungsod ng Coronado, Del Mar, Imperial Beach, Lemon Grove, Poway at Solana Beach. Ang San Diego County HOME Consortium Program ay nagbibigay ng mga pondo para sa mga aktibidad sa pabahay sa mga bahagi ng Programa ng CDBG at ESG, pati rin ang anim na Consortium na mga lungsod ng Carlsbad, Encinitas, La Mesa, San Marcos, Santee, at Vista. Ang programa ng HOPWA ay nagbibigay ng pagpopondo para sa pabahay at mga serbisyo na may kaugnayan sa pabahay para sa mga taong namumuhay nang may HIV/AIDS at kanilang mga pamilya sa buong County ng San Diego.

Iminumungkahi ng Estratehiya ng Pinag-isang Plano para sa 2025-29 ang komprehensibong mga layunin ng Pinag-isang Plano para sa 2025-29. Ang mga layunin ng Pinag-isang Plano ay nagtatakda ng mga prayoridad na ginagabayan ang paggamit ng pagpopondo mula sa gobyerno ng HUD batay sa feedback ng publiko, input ng stakeholder at mga tagasaad ng datos ng komunidad. Ang Estratehiya at iminungkahing mga layunin ng Pinag-isang Plano ay maaaring mapuntahan sa elektronikong paraan sa www.sdhcd.com.

Inaanyayahan ang publiko na dumalo sa pampublikong pagdinig para magkomento sa Estratehiya ng Pinag-isang Plano para sa 2025-29. Maaari ring magbigay ang publiko ng mga komento sa pamamagitan ng sulat sa 30 araw na panahon ng pagbibigay ng komento na matatapos sa Oktubre

22, 2024. Ang mga nakasulat na komento ay dapat naka-address sa Housing and Community Development Services, Community Development Division, 3989 Ruffin Road, San Diego, CA 92123, (619) 346-3375, o ipadala sa email sa: Community.Development@sdcounty.ca.gov. Ang mga bingi o mahina ang pandinig ay maaaring kontakin ang departamento sa (866) 945-2207. Ang mga kailangan ng tulong para lumahok sa pagpupulong (hindi nagsasalita ng Ingles, may kapansanan sa pandinig, atbp.) ay dapat kontakin ang kawani nang kahit limang araw bago ang pagpupulong para humiling ng mga espesyal na pagsasaayos.